

## **Ang Talinhaga ng Mayamang Mangmang**

### **Ang Buhay ng Tao ay hindi sa Kasaganaan ng mga Bagay na Tinatangkilik niya**

Ang mga kayamanang ipinagkaloob ng Dios ay sinasamahan ng karunungan at tamang paghusga na ipinagkaloob din ng Dios kung paano ito gagamitin. Ngunit ang kayamanang bunga ng kasakiman ay mauuwi sa isang malungkot na paraan. Basahin natin ang talatang ito mula sa evangelio ni Lucas na naglalaman din ng mga talinhaga ni Jesus at matuto tayo ng mahahalagang aral:

**“1 Samantalang nangagkakatiyon ang libolibong tao, na ano pa't nagkakayapakan silasila, ay nagpasimula siyang magsalita muna sa kaniyang mga alagad, Mangagingat kayo sa lebadura ng mga Fariseo, na ito'y pagpapaimbabaw nga. 2 Datapuwa't walang bagay na natatakpan, na hindi mahahayag: at natatago, na hindi malalaman. 3 Kaya nga, ang anomang sinabi ninyo sa kadiliman ay maririnig sa kaliwanagan, at ang sinalita ninyo sa bulong sa mga silid, ay ipagsisigawan sa mga bubungan. 4 At sinasabi ko sa inyo mga kaibigan ko, Huwag kayong mangatakot sa mga pumapatay ng katawan, na pagkatapos niyan ay wala na silang magagawa. 5 Datapuwa't ipinagpapauna ko sa inyo kung sino ang inyong katatakutan: Katakutan ninyo yaong pagkatapos na pumatay, ay may kapangyarihang magbulid sa impierno; tunay, sinasabi ko sa inyo, Siya ninyong katakutan. 6 Hindi bago ipinagbibili ang limang maya sa dalawang beles? at isa man sa kanila ay hindi nalilimutan sa paningin ng Dios. 7 Datapuwa't maging ang mga buhok ng inyong ulo ay pawang bilang na lahat. Huwag kayong mangatakot: kayo'y lalong mahalaga kay sa maraming maya. 8 At sinasabi ko sa inyo, Ang bawa't kumikilala sa akin sa harap ng mga tao, ay kikilalamin naman siya ng Anak ng tao sa harap ng mga anghel ng Dios: 9 Datapuwa't ang magkaila sa akin sa harap ng mga tao, ay ikakaila sa harap ng mga anghel ng Dios. 10 Ang bawa't magsalita ng salitang laban sa Anak ng tao ay patatawarin: nguni't ang magsalita ng kapusungan laban sa Espiritu Santo ay hindi patatawarin. 11 At pagka kayo'y dadalhin sa harap ng mga sinagoga, at sa mga pinuno, at sa mga may kapamahalaan, ay huwag kayong mangabalisa kung paano o ano ang inyong isasagot, o kung ano ang inyong sasabihin: 12 Sapagka't ituturo sa inyo ng Espiritu Santo sa oras ding yaon ang inyong dapat sabihin. 13 At sinabi sa kaniya ng isa sa karamihan, Guro, iutos mo sa aking kapatid na bahaginan ako ng mana. 14 Datapuwa't sinabi niya sa kaniya, Lalake, sino ang gumawa sa aking hukom o tagapamahagi sa inyo? 15 At sinabi niya sa kanila, Mangagmasid kayo, at kayo'y mangagingat sa lahat ng kasakiman: sapagka't ang buhay ng tao ay hindi sa kasaganaan ng mga bagay na tinatangkilik niya. 16 At nagsaysay siya sa kanila ng isang talinghaga, na sinasabi, Ang lupa ng isang taong mayaman ay namumunga ng sagana: 17 At iniisip niya sa sarili na sinasabi, Ano ang gagawin ko, sapagka't wala akong mapaglalagyan ng aking mga inaning bunga? 18 At sinabi niya, Ito ang gagawin ko: igigiba ko ang aking mga bangan, at gagawa ako ng lalong malalaki; at doon ko ilalagay ang lahat ng aking butil at aking mga pag-aari. 19 At sasabihin ko sa aking kaluluwa, Kaluluwa, marami ka nang pag-aaring nakakamalig para sa maraming taon; magpahingalay ka, kumain ka, uminom ka, matuwa ka. 20 Datapuwa't sinabi sa kaniya ng Dios, Ikaw na haling, hihingin sa iyo sa gabing ito ang iyong kaluluwa; at ang mga bagay na inihanda mo, ay mapapa sa kanino kaya? 21 Gayon nga ang nagpapakayaman sa ganang kaniyang sarili, at hindi mayaman sa Dios.” (Lucas 12:1-21 KJV)**

Narito sa kalagitnaan ng karamihan, si Jesus na ating Panginoon at Tagapagligtas, ang pantas at mabuting guro ay nagtuturo sa Kanyang mga alagad ng mahahalagang aral at nagbibigay ng babala at direksyon kung ano ang kinakailangan nilang gawin sa isang tiyak na pangyayari, binibigyan sila ng takdang gawain at hinihikayat sila na magpatuloy sa buhay nagtitiwala sa Dios at paglilingkod sa Kanya at ipamuhay ang kanilang buhay para sa Kanya.

**“1 Samantalang nangagkakatiyon ang libolibong tao, na ano pa't nagkakayapakan silasila, ay nagpasimula siyang magsalita muna sa kaniyang mga alagad, Mangagingat kayo sa lebadura ng mga Fariseo, na ito'y pagpapaimbabaw nga.” (Lucas 12:1 KJV)** Narito nang ang mga tao'y dumating at nagtipon sa palibot Niya. Sinimulan Niya na turuan ang Kanyang mga alagad at binigyan sila ng mahahalagang aral, at ang layunin niyon ay akitin ang atensyon ng karamihan at tingnan kung sino sa kanila ang magkakainteres na makinig at pakinggan ang mga aral na ituturo niya sa Kanyang mga alagad, at sa gayon ipapahiwatig ang interes ng isang tao na magpapakita ng pagtugon. Nagbabala dito si Cristo sa Kanyang mga alagad tungkol sa bulaang turo at sa pagpapaimbabaw ng mga Fariseo.

**“2 Datapuwa't walang bagay na natatakpan, na hindi mahahayag: at natatago, na hindi malalaman.” (Lucas 12:2 KJV)** Ito ang isa pang katotohanang sinabi ni Jesus sa Kanyang mga alagad na walang bagay na natatakpan na hindi mahahayag at natatago na di malalaman. Kaya hindi nila maaring itago ang anumang bagay na nakakahiya dahil isang araw ito ay malalantad sa publiko at sila'y mapapahiya.

**“3 Kaya nga, ang anomang sinabi ninyo sa kadiliman ay maririnig sa kaliwanagan, at ang sinalita ninyo sa bulong sa mga silid, ay ipagsisigawan sa mga bubungan.” (Lucas 12:3 KJV)** Ang mga tao ay pumupunta at nagtatago sa mga madidilim na lugar at nagsasalita sa tainga upang hindi marinig, ngunit dito binalaan ni Jesus

ang Kanyang mga alagad na kahit ito ay mabubunyag, at ang mga sinabi sa dilim ay maririnig sa liwanag at ang kanilang sinabi sa tainga ay maririnig sa ibabaw ng mga bubong. Kaya't kailangan nilang mag-ingat sa kanilang sasabihin upang kapag nalaman kung tama ang kanilang sinabi, sila ay purihin.

**“4 At sinasabi ko sa inyo mga kaibigan ko, Huwag kayong mangatakot sa mga pumapatay ng katawan, na pagkatapos niyan ay wala na silang magagawa.” (Lucas 12:4 KJV)** Nakikipag usap Siya sa Kanyang mga alagad tinatawag silang Kanyang mga kaibigan upang hikayatin sila at tiyakin sa kanila hindi sila dapat matakot sa mga tao na pinakamataas na ay kayang pumatay ng katawan, at pagkatapos nun wala na silang magagawa. Ibig sabihin tinuturuan Niya sila na huwag matakot o maging tapat sa mga tao.

**“5 Datapuwa't ipinagpapauna ko sa inyo kung sino ang inyong katakutan: Katakutan ninyo yaong pagkatapos na pumatay, ay may kapangyarihang magbulid sa impierno; tunay, sinasabi ko sa inyo, Siya ninyong katakutan.” (Lucas 12:5 KJV)** Dito ibinigay Niya sa kanila sa at sa atin ngayon ang pinakamataas na babala kung sino sila at dapat tayong matakot sa; na sila at tayo ay dapat matakot sa Dios na kayang pumatay ng katawan at ihagis ang kaluluwa sa impierno, at kaya't pinatitibay Niya sa kanila at sa atin ang dapat katakutan ang Dios.

**“6 Hindi бага ipinagbibili ang limang maya sa dalawang beles? at isa man sa kanila ay hindi nalilimutan sa paningin ng Dios.” (Lucas 12:6 KJV)** Narito tinitiyak Niya sa Kanyang mga alagad sa pagsasabi sa kanila na kung ang limang maya ay ipinagbili ng dalawang beles, ang pera na ginamit nila noong panahong iyon, at kung wala sa lima ang nakalimutan ng Dios, mas lalo pa sila at tayo ngayon.

**“7 Datapuwa't maging ang mga buhok ng inyong ulo ay pawang bilang na lahat. Huwag kayong mangatakot: kayo'y lalong mahalaga kay sa maraming maya.” (Lucas 12:7 KJV)** Sinabi ni Jesus sa Kanyang mga alagad at sinasabi Niya sa atin ngaton na sila at tayo maging ating buhok ay bilang lahat, dahil ay Dios ay napaka malasakit sa atin, kung gayon huwag dapat tayong matakot sapagkat tayo'y mas mahalaga kaysa maraming maya. Narito ang nais ni Jesus ay tiyakin sa atin na huwag matakot sa mga tao at huwag mag-alala tungkol sa ating mga pangangailangan at mga bagay-bagay sa ating buhay dahil pangangalagaan tayo ng Diyos at ang ating mga pangangailangan habang sinusunod natin ang Kanyang Salita at Kanyang mga paraan.

**“8 At sinasabi ko sa inyo, Ang bawa't kumikilala sa akin sa harap ng mga tao, ay kikalalanin naman siya ng Anak ng tao sa harap ng mga anghel ng Dios: 9 Datapuwa't ang magkaila sa akin sa harap ng mga tao, ay ikakaila sa harap ng mga anghel ng Dios.” (Lucas 12:8-9 KJV)** Dahil si Jesus ay napaka tapat patungo sa atin na Siya at dumating upang makikilala natin ang Dios, at namatay Siya sa krus para sa ating mga kasalanan upang bigyan tayo ng buhay na walang hanggan, kung gayon kailangan nating maging tapat sa Kanya, kaya naman kailangan nating kilalanin Siya at ipahayag ang Kanyang pangalan sa harap ng mga tao na Siya, si Jesus, ay Manlilikha, ang tanging tunay na Dios at kailangan nating ipangaral ang Kanyang Salita at ang Kanyang kalooban sa mga tao at sa gayon ipahayag Niya tayo at kilalanin tayo sa harap ng mga anghel ng Dios na nakapalibot sa luklukan ng Dios sa Langit. Ngunit kung itatangi natin ang Kanyang pangalan sa harap ng mga tao at hindi kilalanin na Siya ang ating Panginoon kung gayon itatangi Niya rin tayo sa harap ng mga anghel na nakapalibot sa luklukan ng Dios sa Langit at sa gayon mawawala ang ating kawalang hanggan.

**“10 Ang bawa't magsalita ng salitang laban sa Anak ng tao ay patatawarin: nguni't ang magsalita ng kapusungan laban sa Espiritu Santo ay hindi patatawarin.” (Lucas 12:10 KJV)** Narito sinasabi ni Jesus sa mga alagad kung sinumang magsasalita laban sa Kanya, ang gayong kasalanan ay patatawarin kung isang tao ay magsisisi para doon, posibleng ito ay dahil sa mga tao sa ilang panahon ay hindi kilala si Jesus sa pagiging banal na tao dahil Siya ay nakita bilang tao. Ngunit kung sinuman ang pumusong sa Banal na Espiritu na gumawa ng mga gawain ng Dios at nakakakita ng malinaw kung anong ginagawa ng Dios at hindi niya ipinapahayag iyon dahil sa kanyang pagmamataas na humahadlang sa kanya ngunit sa kanyang isipan ay lubos siyang kumbinsido, subalit siya'y nanlalait pa rin sa Espiritu Santo, ang ganitong kasalanan ay hindi mapapatawad, at ang ganitong tao ay walang buhay na walang hanggan.

**“11 At pagka kayo'y dadalhin sa harap ng mga sinagoga, at sa mga pinuno, at sa mga may kapamahalaan, ay huwag kayong mangabalisa kung paano o ano ang inyong isasagot, o kung ano ang inyong sasabihin: 12 Sapagka't ituturo sa inyo ng Espiritu Santo sa oras ding yaon ang inyong dapat sabihin.” (Lucas 12:11-12 KJV)** Sinabi pa ni Jesus sa Kanyang mga alagad at sinasabi din sa atin na tayo'y pag uusigin at dadalhin sa harapan ng mga may kapangyarihan upang ipapatotoo pa natin ang tungkol kay Jesus, na huwag dapat tayong mag-alala sa kung anong ating sasalitain at sasabihin dahil sa oras na iyon ang Banal na Espiritu ay magtuturo sa atin nang kung anong kailangan nating salitain at sabihin.

Kaya dito ay inuudyukan ang Kanyang mga alagad at pinapakilos sila at tayo ngayon na ipamuhay ang ating buhay sa sanglibutang ito upang luwalhatiin Siya, upang sabihin sa mga tao ang tungkol sa Kanya at ipangaral ang Kanyang Salita at Kanyang kalooban at ipahayag Siya sa harap ng mga tao at kusang loob kahit na usigin

alang alang para sa Kanya. At tiniyak Niya rin sa kanila at sa atin ngayon na huwag mag alala sapagkat ang Dios ay sumasa atin at ang Banal na Espiritu ay gagabay sa atin at ibibigay ang Kanyang Salita na kailangan nating sabihin kapag nasa harap tayo ng mga may kapangyarihan. Habang si Jesus ay ganap na nakatuon sa Kanyang alagad sa isang napakahalagang usapin na may kinalaman sa Langit at naririnig ng karamihan ang lahat ng iyon, may isa sa kanila na nagsalita at sinabi ito sa Kanya:

**“13 At sinabi sa kaniya ng isa sa karamihan, Guro, iutos mo sa aking kapatid na bahaginan ako ng mana.” (Lucas 12:13 KJV)** Ang lalaking ito ang tinanong niya ay walang kinalaman sa lahat ng sinasabi at itinuturo ni Jesus sa Kanyang mga alagad. Ipinakita ng lalaking iyon na wala siyang pakialam sa lahat ng mga bagay na Makalangit at sa mga pangunahin na itinakda ni Jesus sa atin na dapat nating isabuhay para sa Kanya, handang manindigan laban sa mga kinaugaliang gawi ng tao sa pamumuhay at pagsasabuhay ng Kanyang Salita, at handang ipangaral ang Kanyang Salita sa pamamagitan ng ating bibig na nagpapatotoo kay Cristo sa iba at namumuhay bilang mabuting patotoo para sa Kanya. Ang pagkabalisa ng lalaking iyon ay para sa mga materyal na bagay at hindi para sa mga bagay na makalangit. Mayroon na siyang mga pangunahing bagay na kailangan niya para sa buhay at kabanalan. Hiniling ng lalaki kay Jesus na kausapin ang kanyang kapatid upang hatiin ang mana sa kanya. Malamang na nakuha niya ang kanyang bahagi ngunit hindi siya nasiyahan, o hindi pa niya nakuha ang kanyang bahagi at hindi pa ang tamang panahon upang hatiin ang mana. Hindi natin masyadong mahuhusgahan ang tunay na kalagayan ng namana ngunit alam natin na ang mga Judio ay may turo na hatiin ang mana at walang alalahanin ganitong bagay. Ngunit mula sa sagot ni Jesus sa lalaking iyon at sa sinabi Niya pagkatapos noon, maaari nating pagpasayan na ang lalaki ay sakim at lumapit kay Jesus lamang upang gamitin Siya upang makakuha ng materyal na biyaya nang hindi inuunawa ang mga espirital na tungkulin at pananagutan na Kanyang ipinagkaloob sa atin at hinihikayat tayong gawin. Iyan ang dahilan kung bakit babasahin natin ang mga sumusunod: **“14 Datapuwa't sinabi niya sa kaniya, Lalake, sino ang gumawa sa aking hukom o tagapamahagi sa inyo?” (Lucas 12:14 KJV)** Si Jesus ay dumating na may misyon upang iligtas ang sangkatauhan, upang dalhin ang mga makasalanan pabalik sa Dios, upang mamatay para sa ating mga kasalanan, upang tayo ng buhay na walang hanggan, at ito ang mga bagay na nais ni Jesus atin na pag abalahan atin at hind isa ibang makamundong mga bagay lalo na kung ating mga pangangailangan ay natugunan Niya. Sinaway ni Jesus ang lalaking iyon, at sinasabi sa kanya na huwag gamitin Siya, gaya ng ginagawa ng maraming tao para sa maling layunin. **Kayang turuan ni Jesus ang mga tao ng Salita ng Dios nagsasabi tungkol sa mana at kayang ituwid sila kung paano gawin iyon, ngunit dito pinili Niyang sawayin ang lalaki at pagalitan siya para sa kanyang kahilingan sabihan siya ng mga sumusunod: “Lalake, sino ang gumawa sa aking hukom o tagapamahagi sa inyo?”, dahil si Jesus sa pagiging Dios ay nakita ang kasakiman sa puso ng lalaking iyon.** Halimbawa kung ang lalake ay hindi pa tumanggap ng kanyang mana at nais niyang tanggapin ang kanyang mana upang gamitin sa agarang paraan para sa paglilingkod sa Dios, hindi siya sasawayin ni Jesus at tatanggihan siya sa kanyang hiling sa gayong paraan, kundi tutulungan siya. Ngunit nang nakita Niya ang kanyang puso at hindi sa ganoon kundi para lamang sa pansamantalang mga bagay kaya't sinaway niya siya at binigay ang turo sa kanya at iba upang sawayon upang magsisi at maituwid.

Ang lalaking iyon ay ginabala si Jesus sa kahilinging ito: **“Guro, iutos mo sa aking kapatid na bahaginan ako ng mana.”** Sinasabi ng lalaki kay Jesus na makialam sa isang alitan sa pamilya tungkol sa paghahati ng ari-arian. Sino ang lalaking ito at ano ang posibilidad ng kanyang pagkakakilanlan lalo na matapos siya pagbintangan ni Jesus?

**1) Hindi kilala ng lalake si Jesus:** Kaya naman sinagot siya ni Jesus, **“Lalake, sino ang gumawa sa aking hukom o tagapamahagi sa inyo?”** hindi niya nakilala ang pagkakakilanlan ni Jesus. Si Jesus ay hindi isang tagahatol, o abogado o tagahatol sa pagitan ng mga tao. Si Jesus ay hindi si Haring Solomon na hahatol sa pagitan ng mga tao sa pamamagitan ng kanyang karunungan. Hindi lamang isya isang guro ng kautusan at hindi lamang Siya ay 'guro', na nagsasalita at hahatol sa mga tao sa materyal na mga alitan. Ang misyon ni Jesus ay hindi turuan ang mga tao kung paano hatiin ang mga nabubuok na bagay! **Kaya't ilagay sa iyong isip na si Jesus ay hindi sasaiyo habang nagpapatuloy ka sa materyal na mga bagay.**

**2) Ang lalake ay nasa paligsahan sa kanyang kapatid:** Ang mga tao ay sakim sa mga materyal na bagay. Maaaring ang lalaki at ang kanyang kapatid ay pareho na nagmamadaling makuha ang mga materyal na bagay. Ngunit, hindi lahat ng mana ay karapat-dapat pagsikapan. Bukod dito, ang kahilingan ng lalaki ay puno ng kasakiman at isinasakatuparan ang kagustuhan ng isang panig laban sa isa pa at hanggang siya rin ay naghahangad ng bahagi at ari-arian ng ibang tao. **“15 At sinabi niya sa kanila, Mangagmasid kayo, at kayo'y mangagingat sa lahat ng kasakiman: sapagka't ang buhay ng tao ay hindi sa kasaganaan ng mga bagay na tinatangkilik niya.” (Lucas 12:15 KJV)** **Ilagay sa iyong isipan na ang kasakiman ay kasalanan at ayaw ng Dios na hangarin mo ang pag-aari ng ibang tao. “mangagingat sa lahat ng kasakiman”.**

**3) Ang lalaki ay naghahangad ng maling pamana:** Alam ni Jesus na hindi nauunawaan ng lalaki ang tunay na layunin ng buhay. Nais niyang mag-imbak ng mga bagay para sa kanyang sarili. Nang sinabi ni Jesus na ako ay hindi hukom o tagapamahagi, nais Niyang ipahiwatig na Siya ay dumating upang buksan ang mga mata ng tao

mula sa kamangmangan ng makamundong mana patungo sa makinang na paraan ng pamumuhay sa walang hangang Kaharian ng Langit.

**4) Ang katotohana ng kapintasan ng tao ay ang pagkakabihag sa kasakiman:** Kung ang paligsahan sa pagitan ng mga tao tungkol sa materyal na bagay ay inililipat mula sa ilalim at lumulutang sa ibabaw, ang magiging dinamismo ay ang pagkakabihag ng kasakiman. Sa kaibuturan ng ating kaluluwa, ang 'linta' na iyon ay tahimik na nakahiga at iyon ang dahilan kung bakit tayo binabalaan ng Panginoon: **“15 At sinabi niya sa kanila, Mangagmasid kayo, at kayo'y mangagingat sa lahat ng kasakiman: sapagka't ang buhay ng tao ay hindi sa kasaganaan ng mga bagay na tinatangkilik niya.”** (Lucas 12:15 KJV) Ang anumang detalyeng matematika at pormula ay nagiging pagkain sa bibig ng kuto (ibig sabihin, ang kasakiman), na hindi lamang naroroon sa loob ng taong iyon kundi halos sa lahat ng tao. Ngunit nais ni Jesus na magbigay ng radikal na solusyon. Ang nakita ni Jesus sa taong iyon ay kapareho ng nakikita Niya sa buhay ng ibang tao sa paligid. Nang sinabi ni Jesus, **“sapagka't ang buhay ng tao ay hindi sa kasaganaan ng mga bagay na tinatangkilik niya.”** Nais niyang maintindihan mo na ang mamuhay nang masagana ay hindi nangangahulugang kailangan mong maging mayaman at magkaroon ng maraming materyal na bagay. Maraming mayayamang tao na may maraming materyal na bagay at kapangyarihan ang namumuhay nang malungkot, samantalang maraming tao na mahirap at kulang sa maraming bagay ang namumuhay nang mas mabuti at nasisiyahan at kuntento sa kanilang tinatamasa. Ang Dios mismo ang nagbibigay-kahulugan at bunga sa buhay, at mapalad ang mga sumusunod sa Dios at sumusunod sa Kanyang Salita at mga utos.

Ang talinghagang ibinigay ni Jesus ay tugon sa kahilingan o panalangin mula sa taong iyon, at nagbigay Siya ng sumusunod na talinghaga na nagpapakita ng mga yugto ng pag-unlad ng kasakiman:

**“16 At nagsaysay siya sa kanila ng isang talinghaga, na sinasabi, Ang lupa ng isang taong mayaman ay namumunga ng sagana: 17 At iniisip niya sa sarili na sinasabi, Ano ang gagawin ko, sapagka't wala akong mapaglalagyan ng aking mga inaning bunga? 18 At sinabi niya, Ito ang gagawin ko: igigiba ko ang aking mga bangan, at gagawa ako ng lalong malalaki; at doon ko ilalagay ang lahat ng aking butil at aking mga pag-aari. 19 At sasabihin ko sa aking kaluluwa, Kaluluwa, marami ka nang pag-aaring nakakamalig para sa maraming taon; magpahingalay ka, kumain ka, uminom ka, matuwa ka. 20 Datapuwa't sinabi sa kaniya ng Dios, Ikaw na haling, hihingin sa iyo sa gabing ito ang iyong kaluluwa; at ang mga bagay na inihanda mo, ay mapapa sa kanino kaya? 21 Gayon nga ang nagpapakayaman sa ganang kaniyang sarili, at hindi mayaman sa Dios.”** (Lucas 12:16-21 KJV)

**A. Pangunahing bunga:** **“16 At nagsaysay siya sa kanila ng isang talinghaga, na sinasabi, Ang lupa ng isang taong mayaman ay namumunga ng sagana;”** (Lucas 12:16 KJV) Ito ang simula at ang normal na yugto ng buhay. Bawat isa sa atin ay may magandang ani, maging sa mga materyal na pag-aari, kaalaman, sertipiko, posisyon, relasyon at iba pa na dapat ay maayos na mapangasiwaan.

**B. Paglilingkod sa linta:** Sa kung anong meron tayo, nais nating dagdagan pa, 'tulad ng linta na hindi kailanman nasisiyahan.' **“15 Ang linga ay may dalawang anak, na sumisigaw, bigyan mo, bigyan mo.”** (Kawikaan 30:15 KJV) Mas maraming pera, mas maraming edukasyon, mas maraming kaibigan, hanggang sa oras na sabihin natin, **“17 sapagka't wala akong mapaglalagyan ng aking mga inaning bunga.”** (Lucas 12:17 KJV) Marami ang nagsusumikap nang husto upang matugunan ang kanilang kasakiman at pagnanasa sa pamamagitan ng pag-ipon ng mga bagay na hindi nila kailangan at hindi rin nila gagamitin sa hinaharap.

**C. Pagkaalipin sa linta:** Kapag naabot nila ang kanilang layunin na magkaroon ng ilang ari-arian at wala na silang puwang para dito, sasabihin nila, **“18 At sinabi niya, Ito ang gagawin ko: igigiba ko ang aking mga bangan, at gagawa ako ng lalong malalaki; at doon ko ilalagay ang lahat ng aking butil at aking mga pag-aari.”** (Lucas 12:18 KJV) Ito ang yugto kung saan talagang nagiging pabigat ang kasakiman. Pinipilitan nito ang mga tao na bumuo ng kanilang sariling mga pader, tore, at imbakan sa lupa na may pagka-makasarili at kayabangan. Sa yugtong ito, ang mga ari-arian ng isang tao ay nagiging pabigat sa kanya. Ang kanyang pera ay nagiging sanhi ng kanyang suliranin.

**D. Maling seguridad:** Sa huling yugtong ito, ang dami ng materyal na kanilang hawak at ang malaking pagsisikap na kanilang inilaan upang makalikom nito ay magpapasabi sa kanila, **“19 At sasabihin ko sa aking kaluluwa, Kaluluwa, marami ka nang pag-aaring nakakamalig para sa maraming taon; magpahingalay ka, kumain ka, uminom ka, matuwa ka.”** (Lucas 12:19 KJV) Maaaring magsilbi ang kasakiman sa lupa ngunit ito ay hindi salaping ginagamit sa Langit. At ang panahon na maramdaman nilang sila'y napakayaman ay sa katunayan kapag 'sila ay hungkag, at ang kanilang mga pader at tore ay gawa sa dayami.'

**Sa aking mahal at minamahal:** **“20 Datapuwa't sinabi sa kaniya ng Dios, Ikaw na haling, hihingin sa iyo sa gabing ito ang iyong kaluluwa; at ang mga bagay na inihanda mo, ay mapapa sa kanino kaya? 21 Gayon**

**nga ang nagpapakayaman sa ganang kaniyang sarili, at hindi mayaman sa Dios.” (Lucas 12:20-21 KJV)** Hindi kayang pigilan ng kayamanan ang anghel ng kamatayan na dumating sa pintuan. Ano ang pakinabang ng mga pag-aari na ito? Maaari ba silang dalhin sa libingan? **“36 Sapagka't ano ang mapapakinabang ng tao, na makamantan ang buong sanglibutan, at mapapahamak ang kaniyang buhay?” (Marcos 8:36 KJV)** Kaya naman kailangan nating mamuhay nang ayon sa tama at gamitin nang wasto ang lahat ng ating mga yaman, hindi lamang para sa ating sarili kundi upang maparangalan ang Kanyang pangalan, maipalaganap ang Kanyang gawain, at para sa kapakinabangan ng Kanyang bayan. Kailangan tayong maging mayaman sa Dios sa pamumuhay sa kabanalan, sa pagsunod sa Kanyang Salita, paggawa ng Kanyang kalooban, at pagtapos ng Kanyang gawain.

Kaya sa anumang uri ng yugto ng iyong buhay, kailangan mong tanggalin ang kasakiman at pagnanasa. Ang ganitong uri ng buhay ay hindi nagpaparangal sa Dios at hindi Siya matutuwa rito. Sa halip, kailangan mong alamin kung paano mo magagamit ang anumang kayamanang ibinigay sa iyo ng Dios upang isulong ang Kanyang mga gawa at maging mayaman sa Kanya. **“1 Ihasik mo ang iyong tinapay sa tubigan: sapagka't iyong masusumpungan pagkaraan ng maraming araw. 2 Magbigay ka ng bahagi sa pito, oo, sa walo; sapagka't hindi mo nalalaman kung anong kasamaan ang mangyayari sa lupa.” (Mangangaral 11:1-2 KJV)**

Maaaring dumating ang kamatayan anumang oras, at maaaring dumating si Jesus anumang oras upang dalhin tayo, kaya't kailangan mong maging handa, kailangan mong maging mayaman sa Dios, kailangan mong baguhin ang iyong isipan at magsimulang mag-isip tungkol sa mga bagay na pinahahalagahan ng Dios, upang mabuhay para sa Kanya, mabuhay sa kabanalan, maging isang mabuting patotoo, maabot ang mga nawawala, ipahayag ang Kanyang Salita, maging handang magdusa para sa Kanya, nagtitiwala na Kanyang ibibigay ang lahat ng iyong pangangailangan, at Siya ay magiging kasama mo kahit ikaw ay inuusig, at Kanyang ibibigay sa iyo ang Kanyang Salita habang nakatayo ka sa harap ng mga awtoridad at tiyak na isang araw ay makakasama mo Siya sa Langit.

Manalangin tayo ...

**Ang aking Panalangin:** Amang Dios Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon, salamat sa Iyong Salita at sa katuruang aking natanggap sa mensaheng ito. Salamat sa mga pagsaway, sa mga pagtutuwid, at sa mga payo na aking natanggap mula sa Iyo. Panginoon, salamat sa pagbukas ng aking mga mata at pagtuwid sa akin patungo sa Iyong kalooban at layunin para sa aking buhay. Panginoon, salamat sa lahat ng materyal na biyaya na Iyong ibinigay sa akin upang magamit sa Iyong karangalan.

Magsisi at itakwil lahat ng iyong mga kasalanan. Itakwil ang iyong kasakiman, kayabangan, pag-ibig sa pera, makamundong pag-uugali at ang iyong pagmamahal sa mga bagay na makamundo. Magsisi at itakwil ang iyong pagiging makasarili. Magsisi sa hindi pagmamalasakit sa mga bagay ng Dios at sa hindi kahandaang magtiis para kay Cristo at maglingkod sa Kanya. Ipagtapat ang iyong hindi kahandaang sumunod sa Kanyang kalooban at sa plano na inihanda Niya para sa iyo. Magsisi sa walang kahandaang sundin ang Dios at gawin ang mabubuting gawa na inihanda ng Dios para sa iyo. Panginoon, ako'y nagsisisi at itinatakwil ang mga sumusunod na kasalanan \_\_\_\_\_

Panginoon Ipinagkakaloob ko ang aking sarili na sumunod sa iyong mga paraan at sa iyong Salita at sa mga alintuntunan na aking natutunan sa mensaheng ito tungkol sa pananalapi. Panginoon, ipinagkakaloob ko ang aking sarili na gamitin ang lahat ng aking yaman upang paglingkuran ka at hindi maging alipin ng mga bagay na materyal. Panginoon, handa akong magbahagi at magbigay ng nararapat para sa iyo. Panginoon, ipinagkakaloob ko ang aking sarili na gamitin ang mga yaman na ibinigay mo sa akin upang isagawa ang iyong mga gawa, mamuhunan sa iyong mga ministeryo, at paunlarin ang iyong simbahan.

Panginoon, salamat sa aking mga Kapatid na nagbago at nagsisi sa kanilang mga kasalanan at napalaya mula sa pagkaalipin ng kasakiman at pagnanasa. Panginoon, gamitin Mo ang kanilang mga buhay at mga patotoo upang akitin ang iba sa iyo. Panginoon, gamitin Mo ang lahat ng kanilang iniaalay sa iyo sa iyong paglilingkod at upang patatagin ang iyong simbahan at mga ministeryo. Panginoon, patuloy mo silang gabayan sa buong kalooban mo sa kanilang mga buhay. Panginoon, protektahan mo sila at tugunan ang lahat ng kanilang pangangailangan upang patuloy silang makapaglingkod sa iyo.

Panginoon pagpalain mo kami bilang isang simbahan at tulungan mo kaming ipagpatuloy ang pagtuturo sa iyong bayan, ituwid sila, at sawayin sila gamit ang iyong Salita. Panginoon, inilalagay namin sa iyong mga kamay ang lahat ng aming materyal na yaman upang magamit mo ito para sa iyong kaluwalhatian at upang magkaroon kami ng kayamanan sa Langit. Panginoon, nagpapasalamat kami sa lahat ng mga manggagawa at mga alagad na inialay ang kanilang buhay upang maglingkod sa iyo kasama namin. Panginoon, dalangin namin na mapagkalooban mo kami ng kakayahang sanayin sila at gamitin sila ayon sa iyong plano at layunin.

*Panginoon, puspusin mo kami muli ng Banal na Espiritu at pagkalooban kami ng mga Espiritwal na kaloob na kailangan namin sa aming buhay upang magpatuloy sa pangangaral, gumawa ng mga bagong alagad, at sanayin ang mga bagong manggagawa upang magtanim ng mas maraming pag-aaral sa Bibliya at mga kongregasyon para sa simbahan. Panginoon, dalangin namin ang higit pang mga tao na mabautismuhan sa tubig at makatanggap ng bautismo ng Banal na Espiritu. Panginoon, ihanda mo kami para sa iyong pagdating upang makasama kami kapag ikaw ay dumating. Panginoon tuparin nawa ng ang pananaw ng simbahan, "Pagpaparami sa kapayapaan sa pagsasakatuparan ng buong kalooban ng Dios." Panginoon pagpalain kami, palawakin mo ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay, at ilayo kami mula sa pinsala upang hindi kami makaramdam ng sakit. Nawa'y ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pag-ibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Dr.Ramiz Khalaf  
Ang Tagapamahala ng Simbahan  
Simbahan ng Diyos  
United Arab Emirates  
Email: [thebread1@gmail.com](mailto:thebread1@gmail.com)  
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espirtual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: [www.churchofgoduae.com](http://www.churchofgoduae.com)

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: [thebread1@gmail.com](mailto:thebread1@gmail.com).

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:  
First Abu Dhabi Bank (FAB)  
ACCOUNT NAME:  
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF  
ACCOUNT NO:  
1576003753162014  
IBAN:  
AE3803151576003753162014  
SWIFT CODE:  
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: [thebread1@gmail.com](mailto:thebread1@gmail.com)

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: [thebread1@gmail.com](mailto:thebread1@gmail.com)